# MINUTES OF MEETING

| | |
|---|---|
| **DATE:** | February 23, 2021 02:00 PM |
| **TYPE OF COMPLAINT:** | ☐ A. Boundary Dispute<br>☐ B. Occupancy of bona-fide applicant<br>☐ C. Conflict on source of rights of parties<br>☐ D. Erroneous claims/claimants<br>☐ E. Heirs conflicting claims<br>☐ F. Question of title |
| **COMPLAINANT/S:** | ANTONIO BAGUINSA |
| **RESPONDENT/S:** | RTN represented by RTN represented by<br>Atty. Arlene B. Aoas- Legal Manager<br>Mr. Avelino Abiog, Jr. - Landholdings and Claims Manager |
| **LOT DESCRIPTION:** | Lot No: 9969-E, CSD-04-026475-D Identical Lot No: 14296, Cad 795-D<br>Area: 2,522 square meters<br><br>Lot No: 9969-F, CSD-04-026475-D Identical Lot No: 14297, Cad 795-D<br>Area: 16,394 square meters |
| **LOCATION:** | Bgy. Sandoval, Bataraza, Palawan |

| | |
|---|---|
| Engr. Jonathan Gellez | Good afternoon po, ako po si Engr. Jonathan Gellez, ang Chief ng Surveys and Mapping Division ng PENRO Palawan. Last February 5, 2021 sana magmemeeting tayo sa PENRO but then yung RTN nagpadala ng sulat na pinapapostpone then kinausap po namin sina Mr. Aspiras na ganun. So, nag-usap po kami nina PENRO Saños to evaluate the case. Tiningnan ang plano, titulo, mapa and allegedly nga daw po ay nag-encroach daw ng halos 15meters ang company sa lote ni Mr. Baguinsa. So sabi po ni PENRO para di na mapagod sina Mr. Baguinsa at matapos ana ng problema eh ako na daw po bababa at pupunta dito. So nagset po tayo ng date at time at ang venue ay dito sa CENRO Brooke's Point Office para mapag-usapan natin at mapagplanuhan yung survey na gagawin.<br><br>Kailangan ko po ng mga data para sa relocation survey na gagawin. Ipo-project ko ang lote ng kumpanya at lote ni Mr. Baguinsa para makita natin kaagad kung may encroachment po. Kaya po dapat present ang both parties during the survey. Pero kung may findings na kayo (ref to RTN) sana ay makita ko rin. Yung gumawa ng CSD ng Baguinsa ay nakausap ko na din po hindi lang makakaattend pero binigyan ako niya ako ng kopya ng mapa. |
| Atty. Aoas: | Sir… here is Mr. Abiog who is our Landholdings and Claims Manager, this map was prepared by Engr. Atilano (showing copy of sketch map) our surveyor. This is our area and this area claimed by Mr. Baguinsa but walang issued any title. So as far as RTN's concerned, wala pong encroachment na ginawa si RTN. And we stand by our position na walang encroachment. |
| Engr. Jonathan Gellez: | Sino po ang surveyor ninyo? |

| | |
|---|---|
| Mr. Abiog | Yung noon po si Mr. Atilano. |
| Engr. Jonathan Gellez: | Okay po. Licensed Geodetic Engineer po ba siya? Kasi dapat po yung preparation niya nakapirma sya dyan at may report sya sa kanyang findings. |
| Atty. Aoas: | Ito po ang record namin. What are you looking for po ba? |
| Engr. Jonathan Gellez: | Kung titingnan ninyo po yang sketch na hawak ninyo at itong approved plan na hawak nila Mr. Baguinsa, ay iisa lang. Hindi ko lang alam kung photocopy ba yang hawak ninyo or what. Gusto ko sanang makita yung ginawa niya talaga. |
| Atty. Aoas: | Wala na po. Kasi ito na lang ang present records na meron kami. As far as I know, nag-usap po sila noon na magconduct ng joint survey. Which is hindi natuloy kasi iaasa ng Baguinsa ang survey nila sa cadastral survey ng barangay. So since hindi na nagkaroon ng barangay survey, wala na pong nangyaring survey. So this is what we have and if this is not acceptable to you, we will ask our surveyor to prepare a much more formal survey that is according to the form that you are looking po.<br>Kasi we are under the impression that we will be just talking about the logistics of the survey. At hindi po muna tayo magpapakitaan ng papel. |
| Engr. Jonathan Gellez: | Nakalagay po dito sa letter namin… magdala kayo ng document. |
| Atty. Aoas: | Ito nga po ang document. But if you would rather, we would ask our surveyor to prepare in a format that he sign so it will concur to the form that you require. |
| Engr. Jonathan Gellez: | Kasi kung ganun eh mas tatagal ang proseso natin. Kasi obligation niya po na magsubmit. |
| Atty. Aoas: | Sir, let's be clear po. Ang sabi kasi po ninyo we will talk about the joint survey. We were under the impression na kaya po kami pinapunta dito para pag-usapan po yung joint survey. Like when is it going to be had? Ganun po. Ready naman po kami if you want to have the joint survey. |
| Engr. Jonathan Gellez: | Yun na nga po. Dapat nandito din siya.<br>*Reads content of the letter invitation…*<br>1. To discuss the issuance of survey order- klaro na po ito dahil may report na ang CENRO Brooke's Point na kailangan talaga i-survey ang lupa. Gusto lamang po ni PENRO na i-clarify ito at mga documents at sino ba yung gagastos dito.<br>2. The result of the survey must be amenable to both parties- so kung ano mang lalabas sa survey ay pag-aagreehan ninyo. Kung anoman ang maging findings namin eh wala na sigurong kokontra pa doon kasi nasukat ko na. Kayo- (ref to RTN) may findings na kayo…ngayon kung kami naman ang magsusukat at malaman ninyo na halimbawa wala talagang encroachment…irerespeto ninyo. But kung merong encroachment, irerespeto naman nila. Ganun lang. yun lang ang nilalaman ng sulat namin.<br>3. The expenses may incur during the execution of the survey considering that we need to rent survey instrument and other matters. |
| SI May Socrates: | Ang lupang isusurvey po ay yung Lot E or dalawa? |
| Mrs. Erestemus | Dalawa po, yung Lot E & F. |

| | |
|---|---|
| Engr. Jonathan Gellez: | Lot F muna pero kung susukatin at nagkaroon ng encroachment, isasama natin ang E. Magkatabi naman to-adjoining lot. Pero kung affected yung E at hindi yung F so ayun. At kung hindi naman, as is sya. |
| Atty. Aoas: | So regardless sir, as far as I understand, nagkaroon na po ng survey pero hindi naman po acceptable sa kanila. So the next step is I think is to conduct a joint survey. Kasi if we will present our survey here, they will not accept it. |
| Engr. Jonathan Gellez: | So mayroon na kayong resulta ng survey na no encroachment? |
| Atty. Aoas: | Yes po. |
| Engr. Jonathan Gellez: | Bakit wala kayong pinapakita na survey plan? |
| Atty. Aoas: | We have it. Unfortunately, nga…we had a visitor a while ago nagulo ang aming schedule and we had to rush to come here. |
| Engr. Jonathan Gellez: | Kaya nga po. Kung wala kayong maipapakita, accordingly sa inyo na sinasabi ninyo na no encroachment. Noted na lang yun na no encroachment. Kung halimbawa magrerelocate, jojoint survey po...kailan po ang availability ninyo? Kasi ho gusto sana ni PENRO matapos na po ito. |
| LMO III Florante Candido: | May costing at di pa nila alam. Discuss muna natin yun. |
| Engr. Jonathan Gellez: | Costing and expenses po ayun, magrerenta tayo ng survey instrument. Wala po kasi kami. |
| Atty. Aoas: | As far as we know, since sila po ang humihingi ng survey…kasi kami meron na nga po…the expenses should be theirs. |
| Engr. Jonathan Gellez: | Kayo po anong masasabi ninyo Mr. Baguinsa, kayo daw po ang naghihingi ng survey, kayo daw po ang magsoshoulder ng expenses. |
| Mr. Aspiras: | Engineer, mayroon pong dumating na letter dito sa akin galing ng DENR Malacañang yung about sa hinihingi ni Mr. Baguinsa na financial sa survey. Kasi doon sa request niya, so yun ang hiningi namin. Pero kung mangyari na may encroachment doon sa area niya, Mr. Baguinsa willing naman magbayad sa… |
| Engr. Jonathan Gellez: | Kasi ho bago po tayo mag-execute syempre gagastos na po tayo. Mag-aarkila tayo ng instrumento, maghahire tayo ng tao…ganun ho. Kaya po kung ang sinasabi ninyo ay hintayin pa natin yung resulta na papabor sa panig ninyo bago kayo maglalabas para sa expenses, parang… |
| Mr. Aspiras: | So kung may pinag-usapan tayo na hatiin o kung may encroach ang company si Mr. Baguinsa ang magpapabayad. Kung ang company ang…. |
| Engr. Jonathan Gellez: | Ang stand nga po ng company na kanina sinasabi...hindi sila makikihati sa expenses kasi nagsurvey na sila pero hindi ninyo naman gusto o tinanggap yung resulta. Hindi kayo amenable doon sa resulta. |
| Mr. Aspiras: | Geodetic ba yung nagsurvey sa area? |
| Engr. Jonathan Gellez: | Siguro naman po Geodetic ang gumawa. Ang issue nila hindi kayo kumporme sa resulta kaya gusto ninyo ng another survey at ang gusto ninyo DENR. But ang DENR nga po sa Palawan ay walang pondo o instrumento na para magamit. Katulad ko, Geodetic Engineer nga ako pero wala naman akong transit, paano ako makakasukat doon? Magsukat man ako |

| | |
|---|---|
| | hindi naman sila papayag di ba po? Kaya ko magsukat doon kaya lang di sila papayag. Kailangan using a total station o survey instrument. |
| Atty. Aoas: | Sir, kung joint survey we agree naman eh. Kaya lang we will let you in…kaya lang the expenses should be shouldered by them kasi sila naman ang humihingi ng resurvey. |
| Engr. Jonathan Gellez: | Ayun nga po ang pinapaliwanag ko sa kanila. Kaya lang may mga request nga po sila sa itaas na opisina namin na syempre ibinababa lang rin dito sa amin. Ganun din, kami rin gagawa. Kaya pinapaliwanag ko nga sa kanila, ang opisina ay walang instrumento. Totoo ho iyun dahil three years ago gumawa ako ng report na sira na talaga ang instrumento at ibinalik ko na po sa regional office. So far hanggang ngayon wala pa ding bumabalik na gamit. |
| Atty. Aoas: | So bale ang lumalabas po yung Engineer namin si Engr. Menguin magwiwitness lang siya. He will be present during the survey but it will be you sir, who will be conducting and directing the survey. Ganoon po ba? Yun ang pagkakaintindi ko sir. Or you will get the services from another surveyor? |
| Engr. Jonathan Gellez: | Hindi na po. Pwede naman siya magobserve or kopyahin yung record ko eh. |
| Atty. Aoas: | So aming surveyor ay magoobserve lamang dun sa proceeding… |
| Engr. Jonathan Gellez: | PENRO Survey Team po ang gagawa ng survey. Kaya lang ang concern namin ay ang expenses. Ako ho as a Geodetic Engineer libre po ang serbisyo ko, ang concern ko lang po yung bayad sa renta ng instrumento dahil wala nga po tayong available na instrumento sa PENRO Palawan. At syempre tao na tutulong dahil hindi ko po kayang gawin yan magisa at hindi din sila papayag at least 3 or 4 po ang team. |
| LMO III Florante Candido: | Sa CENRO Brooke's Point magpapadala kami ng isang personnel… si Engineering Aide Dennis Recto para makasama ninyo sa survey. |
| Mrs. Erestemus: | Walang problema sa labor po sagot na namin. May mga makatulong po tayo dun sa area during the survey. |
| Atty. Aoas: | Sir, nagkaroon na po kami ng experience na ganyan. Pumayag na po kami na magsurvey then nung tumagal at nagsurvey na hindi naman tanggapin ng kabilang party yung survey. So nabayaran na namin or gumastos na kami then, ayaw din tanggapin yung resulta. |
| Engr. Jonathan Gellez: | Ganito, kung gusto ninyo gumawa tayo ng agreement bago tayo magsurvey. |
| Atty. Aoas: | Kahit pa sir. Kahit magkapirmahan pa tayo ng sangkatutak na papel kung ayaw talagang tanggapin wala kaming magagawa. |
| Engr. Jonathan Gellez: | Huwag ninyo pong isipin yung ganun. Kasi may record po tayo, basta kung ano ang findings kelangan kilalanin ng both parties yan. Kung mayron kayong previous experience hindi ko alam kung anong nangyari doon but dito ho, at this time, hindi ho ako naniniwala na hindi nila pwedeng sundin ito. Surrender na kami kapag di nila sinunod ang resulta. |
| Atty. Aoas: | Basta our position for now, kung sino ang humihingi ng survey sila na ang bahala sa expenses. |
| Engr. Jonathan Gellez: | Hindi na mangyayari yun kasi nandito po tayo para ayusin na ito. Sila mag-aagree dun sa magiging result. So kung may mga previous na pangyayari sa inyo…this time hindi natin gagawin yun. Kung sina Mr. Baguinsa ay hindi tatangapin ang magiging result ng survey, wala na pong magagawa ang DENR sa problemang ito. Basta ang sa amin ay sana matapos |

| | |
|---|---|
| | na ito. Kung ayaw nila wala na ho kaming magagawa at least naaksiyunan na namin ang kasong ito. |
| Atty. Aoas: | This is not a judgement on you, sir. We are just stating our experience. Kaya ayaw na nila na at naburn na yung company sa case na yan. Kung sinoman ang magpapasurvey siya po ang magshoulder ng gastos. Kasi nga kung ano yung nangyari dati, mahirap ng i-justify sa company yan. |
| Engr. Jonathan Gellez: | Kayo po ano po ang decision ninyo? Ang DENR po ay nagprovide ng GE, then kung sabi ninyo may tao na tutulong sa area, yung instrumento na lang po problema. |
| Mr. Aspiras: | Kung magkataon po sir, magkano po ang magagastos sa instrumento? |
| Engr. Jonathan Gellez: | Ang rental po ng survey instrument ay Php3,000.00 per day. |
| Ms. Irene Baguinsa: | Mga ilang araw po gagawin ang survey? |
| Engr. Jonathan Gellez: | Depende po sa sitwasyon sa area. Pwede pong dalawa o pwedeng tatlo. Depende po. |
| Ms. Irene Baguinsa: | Kaya naman siguro gawan ng paraan iyan. |
| Mr. Aspiras: | Kung sakali ba Maam Irene, ano po ang masasabi ninyo dito? |
| Ms. Irene Baguinsa: | Kung tumatakbo po ng Php3,000.00 per day ang gamit at 1-2 days ang trabaho, baka kaya naman gawan ng paraan. |
| Engr. Jonathan Gellez: | Ang sa akin estimate ko lang yung mga araw na yun ha. Depende yun sa situation sa ground. Kung may mga reference points tayo agad, mas mapapadali tayo ng trabaho dyan. Kung magbibigay ng reference yung Engineer ng company, sisilipin ko at i-cocompare ko kung tatama din yun. |
| Ms. Irene Baguinsa: | Medyo agree naman ako doon sa sinabi ni Atty. Na tapos na nga ang pagpapasurvey ng kumpanya at hindi tayo sumasang-ayon. At syempre hindi din ako papayag sa resulta na yun, kaya nga ngayon magpapasurvey kami. So ang sabi niya ay i-shoulder namin ang expenses. Kaya po tinatanong ngayon ni Mr. Aspiras kung magkano po ang magagastos at sabi niyo po Php3,000.00 per day. So, gawan na lang natin ng paraan. |
| Mr. Aspiras: | Saka na ko gagawa ang paraan kasi nga may natanggap akong sulat para sa financial assistance pero sige hayaan na natin yun kasi paulit-ulit na tayo. So nandito na si Engineer harap-harapan na nagsabi ng renta na Php3,000.00 a day para sa gamit. Kaya tinatanong ko ang landowner ngayon, papayag ba kayo doon sa sinasabi ni Engineer? Saka na yung doon sa tabi-tabi, tayo na lang ang nakakaalam doon. |
| Engr. Jonathan Gellez: | Sana ho maka-decide na po kaagad kasi para magawa na natin ito kung maaari ngayong week. |
| SI May Socrates: | Depended po kung ready na ang Baguinsa Family financially for this po. |
| LMO III Florante Candido: | And syempre yung mga reference points kailangan din siguro mai-prepare. |
| Mrs. Erestemus: | Malinis na po ang area. |
| Mr. Aspiras: | Ibig sabihin nito kailangan talaga magsurvey sa area, hindi na muna lapagan ng mapa? |
| Engr. Jonathan Gellez: | Nilatag na po natin ang mapa. Ang mapa nila (RTN) ay kaparehas ng mapa ninyo na approved. Sabi nila nag-execute sila, sabi lang nila yun pero wala silang pinapakita ngayon na approved plan nung survey na ginawa nila. |

| | |
|---|---|
| | Kung joint survey ang gusto ninyo, dapat talaga may report na sila. Kasi mamaya may findings ako at hindi sya mag-agree, magtatagal ho tayo diyan. Kaya gustong-gusto ko sana makita na mayroon silang plano. Pero ang pinapakita ninyo eh the same lang din ng CSD, so meaning wala namang nabago. So pag ako gumawa ng report tapos sasabihin ninyo, hindi ito yan oh. Ayan ng sinasabi ko, kung kailan nagreport ako saka kayo maglalabas ng ganyan. Dapat ilabas na ninyo yung inyo kung walang encroachment, pakita mo. At lahat ng traverse mo, iplot mo. |
| Atty. Aoas: | Wala po talagang encroachment sir, wala lang talaga kaming dalang exact documents you are requiring. Just to be fair. |
| Engr. Jonathan Gellez: | Paano mo masasabi na walang encroachment attorney kung wala ka namang pinapakita na approved plan. |
| Atty. Aoas: | Sir, are you implying that we already encroached? Is your predisposition we encroached already? |
| Engr. Jonathan Gellez: | Hindi ko ho sinasabi yun. Kasi kayo po nagsasabi na walang encroachment pero wala naman kayong pinapakita. |
| Atty. Aoas: | Let's be clear on that sir. It's obvious po dahil I am a lawyer. |
| Engr. Jonathan Gellez: | This is to be fair din po sa Baguinsa kasi naghanda po sila. May dala silang mapa, pero kayo wala kayong maipakita. |
| Atty. Aoas: | As I said, we can assure na wala po talagang encroachment. But as the hearing is supposed to be independent, I don't want to hear any implication that before we even that ano… ay mayroon ng encroachment dahil wala kaming ipinakitang papel is the implication. That for us, as I said as the lawyer of the company, our position is there is no encroachment. |
| Engr. Jonathan Gellez: | So meaning wala talaga ito, di matatapos. |
| Atty. Aoas: | But anyway sir just to resolve this, kung joint, okay. |
| Engr. Jonathan Gellez: | Kasi kung sasabihin ninyo na parang sinasabi ko na walang encroachment, mali po kayo. Kasi dapat po iyong ilalatag dito eh yung ginawa ng surveyor ninyo at the same time dapat po ay license po siya. |
| Ms. Irene Baguinsa: | Tama po kasi yun ang dinadahilan ninyo. |
| Atty. Aoas: | Sige regardless, kami po ang position nga po namin… alangan naman na kami ang magsasabi na may encroachment. But as he said (ref to Mr. Abiog), he conducted a survey na nandun din naman kayo… now their position was there was no encroachment. Ang position naman ninyo ay mayroong encroachment, that's why you came to an agreement na dahil ayaw ninyo yung position ng company, you will have one to be conducted na isabay sa barangay. That's the case. Yun naman ang nangyari, because you do not agree with the findings of our surveyor. So may findings na si surveyor, hindi lang nakalagay sa papel. Ngayon ang ino-objectan ko lang naman po, is the position na because we did not bring the document here, that may encroachment. So that is the implication na lumalabas because of that document. Now, we are okay, if you will go to site and we will conduct the joint survey. We will bring our surveyoy to observe the proceedings. Kayo naman po magdala ng surveyor ninyo, its fine with us. Kung anoman po talaga yung resulta, kung talaga naman based on your conclusion, that it was verified and witnessed by our surveyor, talagang may encroachment, then |

| | |
|---|---|
| | talagang may encroachment. Pero to hear na sinasabi na wala kaming papel ay encroachment na iyan, di naman po kami papayag. |
| Engr. Jonathan Gellez: | Hindi, mali yan attorney yang sinasabi mo. Kasi ho as a lawyer must be prepared in all the documents pertaining to this case. Kaya ho ako nagresearch na ako. |
| Atty. Aoas: | Hindi ho ako makikipag-argue. |
| Engr. Jonathan Gellez: | Dapat po lahat ng dokumento ninyo presented yan. Kaya wag ninyong sasabihin na kung sinabi ko na ganun… na walang encroachment. Mali po kayo dyan. Maling-mali po kayo kasi ako nagbabase lang sa documents, hindi ko po pwedeng dayain iyan. Sinasabi ko sa kanila hindi ko pwedeng dayain iyan. |
| Ms. Irene Baguinsa: | I get your point sir. Kasi kami nagpeprepare kasi dahil may hawak po kaming papel. At iyon po ang pinanghahawakan namin. So nadamage po ng company yung lupa namin, so may pinanghahahwakan kayong papel. |
| Atty. Aoas: | Mag-rerequest na lang po kami ng ibang mag-aassist sa amin na surveyor kung ganyan po ang position. |
| Mrs. Erestemus: | Ibig sabihin abogada, hindi ninyo i-honor ang Geodetic Engineer ng DENR? |
| Atty. Aoas: | Hindi ko sinabing hindi ko i-hohonor, ang sinasabi natin magkaroon tayo ng joint survey. Yun diba? I agreed to a joint survey. Yun lang naman ang issue eh, ang pag-survey. So hindi ko po maintindihan what we are talking about now… |
| Engr. Jonathan Gellez: | Ang kailanagan lang po pagdesisyunan kung kailan gagawin ang survey, kung bukas o ano. Hindi po natin masesetle to kung wala po yung findings ng engineer ninyo. Kasi sa part ko syempre, ako yung gagawa tapos wala naman siyang findings. Eh baka sabihin niya, mali yan partner or brod sa ginawa mo, diba? So gusto ko lang naman ho na ipresenta ninyo yung verification result niya affixing his/her signature. Para ho kung magjoint survey kami, madali kami magkaintindihan. Kasi kung wala siyang preparation tapos pinapakita niyo lang is plano na Xerox, tapos na ho iyon, di na kami magkakaintindihan talaga yan. Hindi rin ho ako papayag. |
| Atty. Aoas: | Can we meet here tomorrow 9:00 with our surveyor? |
| Engr. Jonathan Gellez: | Kayo ho, yun lang naman ang hinihiling ko sa kanila yung resulta ng findings nila na bakit hindin ninyo tinatanggap. Nakikita ko ngayon kasi hindi ninyo tinatanggap kasi yung plano na pinapakita ganun lang din. Kung may official na submitted result with narrative report dun mainitindihan natin paano niya nasasabi na walang encroachment. Kaya gusto ko sa part ng RTN na makapagbigay sila.<br>Ngayon agreed ba kayo na kung magkakaroon ng joint survey papayag ba kayo na ang magsoshoulder ng expenses ng instrumento? Para ho kung ipepresenta nila bukas yung ano…pwede na tayo magschedule ng survey. Para ho matapos na. |
| Mrs. Erestemus: | Ibig sabihin engineer, may maarkilahan na agad tayo ng instrumento bukas? |
| Engr. Jonathan Gellez: | Uuwi ho ako ngayon para may makuha tayo. Kung papayag ho kayo dun sa rental na kayo yung magshoulder, magagawa na natin to kaagad. Kasi bukas ipepresenta ng RTN yung survey nila. Doon pa lang makikita natin na pwede na tayo magrelocate katulad nung sinabi ko sa inyo. Kung makikita ko na tama naman sila, hindi na natin kailangan mag-ano, iplot ko lang sa auto cad. Then explain ko sa inyo. Pero, kung may makikita ako na kailangan natin i- |

| | |
|---|---|
| | ground verification survey, gagawin natin. Kailangan naka-ready na din yung instrumento. Palagay yun na talaga mangyayari, maggground verification survey talaga tayo. Halimbawa nagsubmit sila, nakita ko at meron na kayong kopya. Pwede naman ako magpaliwanag sa kanila na ganito yan, ganito. Eh wala naman ako nakita, kaya hindi rin ako makadecide na tama iyon. Dapat may sinubmit siyang approved plan, may dotted line na walang encroachment, makikita yung mga reference points, saka yung pirma niya syempre. So, yung expenses na lang ng instrumento ang problema natin ngayon. Kayo ho magdecide. |
| Ms. Irene Baguinsa: | Anong masasabi mo dun Pa? (ref to Mr. Baguinsa). Kasi kung sakin kaya naman gawan ng paraan iyan kahit na walang wala talaga tayo. |
| Mr. Aspiras: | Mga kailan kaya ito? |
| Engr. Jonathan Gellez: | Basta bukas po may usapan tayo ng 9AM kasi magdadala ng mapa ang RTN then after nun dun ako magevaluate kung kinakailangan na natin mag-execute outright. Prepare niyo na mga tao dun sa ground. |
| Mr. Aspiras: | Yun din po ang gusto ni Mr. Baguinsa, matapos na ito. |
| Ms. Irene Baguinsa: | As anak ni Mr. baguinsa, gagawa na lang muna ako ng paraan. Agree ka ba pa? syempre wala nga tayong pera. Gagawan na lang natin ng paraan kasi Php3,000 per day… gawan na lang natin ng paraan kasi hindi naman pwede na sagutin ng PENRO yung expenses kasi sila magsusukat lang. Kasi willing naman sila tumulong, expenses na lang ang problema. So deal na po ako doon, gawan na lang namin ng paraan yung expenses para matapos na ito. |
| Engr. Jonathan Gellez: | So willing po kayo magshoulder ng expenses sa renta ng instrumento pati tao? So bukas, magsasubmit sila ng kopya ng verification survey result nila na hindi ninyo tinatanggap para mapag-aralan natin. Kung halimbawa magsurvey na kami ng bukas ng afternoon, magsurvey na kami. Ready nyo na mga tao doon. |
| Mr. Aspiras: | Kukuha po kami mga apat hanggang limang tao tutulong sa pagsusukat ninyo. Tulong tulong na lang po para mabilis. |
| Mr. Baguinsa: | Baka pwede magtulong sa expenses ng pagkain (during the survey) ang company? |
| Atty. Aoas: | Sige uray bagen ti merienda.<br>Ang sa amin engineer, we will be coming here tomorrow at 9:00 in the morning and we will bring our engineer para mag-usap kayo. Nasa kanya po yung papel, papakita nya po sa inyo. If hindi necessary na magjoint survey, okay lang po sa amin.<br>Ang meryenda okay lang sa amin, pero ang expenses sa renta ng instrumento hindi talaga lulusot sa boss namin yan. Mahirap magjustify. |
| Mr. Aspiras: | Ang mahalaga ngayon masurvey yung lupa, kapag may encroachment saka na lang pag-uusapan pagka-natapos na. |
| Ms. Irene Baguinsa: | So okay na po tayo dito sa plan A natin… i- survey ang lupa kami ang magbabayad sa renta ng instrumento. |
| Atty. Aoas: | So meron po kaming documents, the one conducted by Engr. Peñamora ay dadalhin namin bukas. |
| Engr. Jonathan Gellez: | Sino pong dadating? Engr. Peñamora? Sige. |
| Atty. Aoas: | Survey was conducted by Engr. Peñamora. But ang dala po namin bukas ang surveyor, will be our resident… |

| | |
|---|---|
| Engr. Jonathan Gellez: | Siya rin ho ang gumawa? Dapat meron siyang ginawang survey ba. |
| Mr. Abiog: | Oho. Meron po. |
| Atty. Aoas: | Dadalhin po namin then we will bring Engr. Menguin at 9:00 in the morning tomorrow. |
| Mrs. Erestemus: | So bukas magbalik naman kami dito? |
| Engr. Jonathan Gellez: | Talaga hong ganun. Wala ho tayong magagawa. Para ho matapos na ito kasi gusto din ni PENRO itong lakad ko at report ko ay tapos na. Para sa part din ninyo matapos na. So ganun na lang po. Marami pong salamat. |

Transcribed by:

**MAY Q. SOCRATES**
Special Investigator I/
Recorder

Checked by:

**FLORANTE A. CANDIDO**
LMO III/ Chief, RPS

Noted by:

**CONRADO M. CORPUZ**
OIC-CENRO